



Name of School:			Ikaapat na Markahan
Grade Level & Section:	Grade 7	Week:	Week 8 Day 4
Subject:	FILIPINO	Date and Time:	
Topic:		Teacher:	

I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM		ANNOTATIONS
A. Pamanta yang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – Ibong Adarna para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba’t ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens.	
B. Pamanta yang Pagganap	Nakabubuo ng iskrip para sa shadow play tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan.	
C. Mga Kasanayang Pampagkatuto	Nakabubuo ng iskrip para sa shadow play tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino a. Nakapipili ng mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino. b. Nakasusulat ng plano at borador ng pagtatanghal. c. Nakasusulat ng iskrip para sa shadow play. d. Natutukoy ang mga elementong gagamitin sa pagbuo ng mga puppet. e. Nakapagsasagawa ng shadow play batay sa elemento ng tekstong Biswal.	

II. NILALAMAN/PAKSA		
Obra: Ibong Adarna Saknong 1363-1717 PERFORMANCE TASK		
III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO		
A. Mga Sanggunian	Avanceña, F. R. (n.d.). FILIPINO_Q4_MODULE-7. Scribd. https://www.scribd.com/document/514844777/FILIPINO-Q4-MODULE-7 Canoy, P., & Tacbas, D. (2020). FILIPINO SA PILING LARANG (SINING AT DISENYO) Kuwarter 4 – Modyul 2: Ang mga Sining Panteatro (1st ed.). Candelario, Marietta, et al., (2009). Ibong Adarna Obra Maestra Batayang Akdang Pampanitikan Ikatlong Edisyon, 15-70, Rex Bookstore. CCBJ Club. “Don Juan Tiñoso (Isang Sipi O Excerpt Mula Sa Korido).” www.youtube.com, 22 Nov. 2022, www.youtube.com/watch?v=3-LJF82VVsl. Accessed 4 Mar. 2024. charo. “PPT - Ang Alamat Ni Bernardo Carpio PowerPoint Presentation, Free Download - ID:3255175.” SlideServe, 15 Aug. 2014, www.slideserve.com/charo/ang-alamat-ni-bernardo-carpio. Accessed 4 Mar. 2024. Clipartbest.com. “Bing.” Bing, 2015, www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=7M3dedOM&id=5AC373E6B134D80427D68B3A7886AEE96535CC39&thid=OIP.7M3dedOM0U. Accessed 4 Mar. 2024. Concepcion, Ofelia E.(2009) Ibong Adarna, 6-24, Prime Multi-Quality Printing Corp. Cruz, Emerlinda. Ibong Adarna (Isang Korido). Quezon City, C & E Publishing, Inc, 2008. GMA Playground. “Bernardo Carpio Koridong Anyo - Search Videos.” www.bing.com, www.bing.com/videos/riverview/relatedvideo?&q=Bernardo+Carpio+koridong+anyo&&mid=5FF8BCC8520BF1E0D3B55FF8BCC852. Accessed 4 Mar. 2024.	

	“Katangian Ng Korido – Ano Ang Katangian at Halimbawa Ng Korido?” PhilNews, 1 Oct. 2021, philnews.ph/2021/10/01/katangian-ng-korido-ano-ang-katangian-at-halimbawa-ng-korido/. Accessed 4 Mar. 2024. Ki. “Kahalagahan Ng Korido – Kahulugan at Halimbawa Nito.” Newspapers, 14 Dec. 2021, newspapers.ph/2021/12/kahalagahan-ng-korido-kahulugan-at-halimbawa-nito/. Accessed 4 Mar. 2024. Komisyon sa Wikang Filipino. “Diksiyonaryo.” Diksiyonaryo.ph, diksiyonaryo.ph/. Accessed 2 Mar. 2024. Lee, R. (2017). TRIP TO QUIAPO (SCRIPT WRITING MANUAL). THE WRITERS STUDIO. Lopez-Royo, J., Lucas Lacano, Limosnero-Ipong, M., & Lalunio, Dr. L. (2011). Bagong Likha I. JO-ES Publishing House, Inc. Mckoi M. “Ang Korido.” Slideshare, 22 Mar. 2015, www.slideshare.net/cli4d/ang-korido. Villanueva, Pedro Reyes. Korido: Ang Buhay Na Pinagdaanan Ni Don Juan Tiñoso at Juan Labuyo. Google Books, Philippine Book Company, 1977, books.google.com.ph/books/about/Korido.html?id=ImY4AAAAMA&redir_esc=y. Accessed 4 Mar. 2024.	
B. Iba pang Kagamitan		
IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO		
Bago Ituro ang Aralin		
Panimulang Gawain	Panuto: Sagutin ang sumusunod na mga katanungan upang masuri ang iyong pagkaunawa sa pagsulat ng plano at borador ng isang pagtatanghal. Isulat ang titik ng tamang sagot. - Ano ang unang hakbang sa paggawa ng plano ng isang pagtatanghal? - Pagsusulat ng dayalogo - Pagpapasya sa tema at layunin - Pagpili ng mga artista - Paggamit ng musika at tunog	SAGOT: - B - D - B - B - A

	2. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa plano ng pagtatanghal? a) Pamagat at layunin b) Buod ng kwento c) Listahan ng tauhan d) Personal na opinyon tungkol sa pagtatanghal 3. Bakit mahalaga ang borador sa pagsulat ng isang pagtatanghal? a) Dahil ito ang opisyal na kopya ng dula b) Upang magkaroon ng gabay at mapagbuti ang iskrip bago ang final na bersyon c) Para makita agad ang mga artista sa pagtatanghal d) Dahil ito ang gagamitin sa mismong pagtatanghal nang walang pagbabago 4. Ano ang pangunahing bahagi ng isang iskrip? a) Sound effects at special effects b) Eksena, dayalogo, at stage directions c) Costume design at lighting d) Poster at advertisement 5. Ano ang layunin ng paggawa ng plano at borador ng isang pagtatanghal? a) Upang makabuo ng isang organisado at maayos na pagtatanghal b) Upang mapadali ang paggawa ng props c) Upang magkaroon ng mas maraming tauhan d) Upang mapaikli ang oras ng ensayo	
Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin	Naiintindihan ng mga mag-aaral ang kahulugan at kahalagahan ng shadow play bilang isang anyo ng pagtatanghal. Nailalapat ang mga elemento ng tekstong biswal sa pagsasagawa ng shadow play upang mapahusay ang biswal na komunikasyon. Nakapagpapakita ng kreatibidad at kasanayan sa paglikha ng anino, galaw, at disenyo upang maipahayag nang malinaw ang mensahe ng pagtatanghal.	

	Naiuugnay ang shadow play sa iba't ibang kultura at sining pangmadla bilang isang malikhaing paraan ng pagsasalaysay. Nakapagpapamalas ng pagtutulungan at koordinasyon sa grupo upang maisagawa nang maayos ang pagtatanghal.	
Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parrala o Mahahalagang Konsepto	1. Shadow Play (Aninong Dula) • Silhouette – Madilim na anyo o hugis ng isang bagay laban sa mas maliwanag na likuran. • Puppetry – Sining ng pagkontrol sa mga papet o anino upang maglahad ng kuwento. • Backdrop – Ang likuran o background na ginagamit sa pagtatanghal upang mapaganda ang biswal na aspeto. • Projection – Ang pamamaraan ng pagpapakita ng anino gamit ang ilaw. • Transition – Ang maayos na pagpapalit mula sa isang eksena patungo sa susunod. 2. Elemento ng Tekstong Biswal • Contrast – Ang pagkakaiba sa liwanag at dilim upang bigyang-diin ang isang bahagi ng pagtatanghal. • Balance – Ang tamang pagkakaayos ng mga elemento sa isang eksena upang maging kaaya-aya sa mata. • Proportion – Ang sukat at laki ng mga anino sa pagtatanghal upang makalikha ng makatotohanang imahe. • Movement – Ang kilos o galaw ng mga anino upang magbigay-buhay sa kuwento. • Focus – Ang pokus ng ilaw o eksena upang itampok ang pinakamahalagang bahagi ng pagtatanghal. 3. Mga Teknik sa Pagsasagawa ng Shadow Play • Hand Manipulation – Paglikha ng iba't ibang hugis gamit ang mga kamay. • Paper Cutout – Mga ginupit na papel o karton na ginagamit upang makabuo ng karakter o bagay. • Screen (Tela o Papel de Hapon) – Pinagkukunan ng projection ng anino. • Lighting (Pag-iilaw) – Pinagmumulan ng ilaw upang makabuo ng malinaw at dramatikong anino. • Storyboarding – Pagpapalano ng sunod-sunod na eksena sa pagtatanghal.	

Pagproseso sa Mahahalagang Pag-unawa/Susi ng Ideya	Ang shadow play o aninong dula ay isang uri ng pagtatanghal na gumagamit ng anino upang maglahad ng kuwento. Sa pamamagitan ng tekstong biswal, nagkakaroon ng masining at makahulugang pagpapahayag gamit ang liwanag, anino, at galaw. Sa araling ito, matututuhan ng mga mag-aaral kung paano maisasagawa ang isang mahusay na shadow play gamit ang mga elemento ng tekstong biswal. A. Ano ang Shadow Play? Ang shadow play ay isang tradisyunal na sining ng pagtatanghal na gumagamit ng ilaw at anino upang maglahad ng kuwento. Maaaring gumamit ng: • Kamay at katawan upang makabuo ng anino ng mga tauhan. • Papel o karton (cutouts) na ginugupit upang makalikha ng mga karakter at tagpo. • Tela o screen kung saan ipinapakita ang mga anino. • Pinagmumulan ng ilaw tulad ng flashlight o spotlight upang bigyang-liwanag ang pagtatanghal. B. Mga Elemento ng Tekstong Biswal sa Shadow Play 1. Contrast (Pagtatambis) – Ang malinaw na pagpapakita ng anino laban sa maliwanag na likuran. 2. Balance (Balanse) – Ang tamang pag-aayos ng mga tauhan at elemento sa loob ng eksena upang maging kaaya-aya sa mata. 3. Proportion (Proporsiyon) – Ang wastong sukat ng mga tauhan at bagay upang magmukhang makatotohanan ang pagtatanghal. 4. Movement (Galaw) – Ang kilos ng mga tauhan at anino upang ipakita ang emosyon at kilos sa eksena. 5. Focus (Pokus) – Ang tamang paggamit ng liwanag upang bigyang-diin ang mahahalagang bahagi ng kuwento. C. Mga Hakbang sa Pagsasagawa ng Shadow Play 1. Pagbuo ng Konsepto o Tema - o Pumili ng kuwento o tema na may malinaw na mensahe. - o Halimbawa: Pagtutulungan sa pamilya, kabayanihan, o pangangalaga sa kalikasan. 2. Pagsulat ng Iskrip - o Lumikha ng simpleng iskrip na madaling ipakita sa pamamagitan ng anino. - o Gumamit ng malinaw na dayalogo at eksena upang maunawaan ng manonood. 3. Paglikha ng Mga Papet o Tauhan - o Gumupit ng mga tauhan mula sa karton o papel. - o Siguraduhing may tamang sukat upang lumabas nang maayos ang anino. 4. Paghahanda ng Background at Props	
--	---	--

	- o Gumamit ng tela o papel de hapon bilang screen. - o Maghanda ng simpleng props tulad ng puno, bahay, o iba pang elemento ng tagpo. 5. Pagtatakda ng Ilaw at Eksperimento sa Anino - o Siguraduhing nasa tamang posisyon ang ilaw upang malinaw ang anino. - o Iwasang magkaroon ng sobrang liwanag o malabong anino. 6. Pagsasanay at Pagsusuri ng Pagtatanghal - o Magsanay nang maraming beses upang matiyak ang maayos na kilos at eksena. - o Gumamit ng feedback upang mapabuti ang pagtatanghal. 7. Pagsasagawa ng Aktuwal na Shadow Play - o Isadula ang shadow play sa harap ng klase o ibang manonood. - o Siguraduhing maayos ang koordinasyon ng tauhan, ilaw, at tunog.	
<i>Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susi ng Ideya/Paglinang at Pagpapalalim</i>	Hatiin sa maliit na grupo upang bumuo ng kani-kanilang shadow play. Bawat grupo ay gagamit ng mga elementong biswal sa kanilang pagtatanghal. Ang mga pagtatanghal ay susuriin batay sa malikhaing paggamit ng anino, wastong pagsunod sa iskrip, at epektibong pagpapakita ng emosyon at tema.	
<i>Pagkatapos Ituro ang Aralin</i>		
<i>Paglalatap at Paglalahat</i>	PERFORMANCE TASK Pagtatanghal ng Shadow Play ng bawat grupo.	Magbigay ng rubriks sa bahaging ito.
<i>Pagtataya ng Natutuhan</i>	Panuto: Basahin nang mabuti ang bawat tanong at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong sagutang papel. 1. Ano ang pangunahing layunin ng isang shadow play? a) Pagpapakita ng makukulay na costume b) Paggamit ng anino upang ipahayag ang isang kuwento c) Pagganap ng mga aktor sa entablado d) Paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtatanghal	SAGOT 1.B 2.D 3.C 4.A 5.B

	2. Alin sa mga sumusunod ang HINDI elemento ng tekstong biswal na ginagamit sa shadow play? a) Contrast (Pagtatambis) b) Proportion (Proporsiyon) c) Balance (Balanse) d) Sound Effects (Tunog) 3. Bakit mahalaga ang contrast sa isang shadow play? a) Upang maging maliwanag ang pagtatanghal b) Upang maging mas matinkad ang kulay ng anino c) Upang mas madaling makita ang pagkakaiba ng anino at background d) Upang makapaglagay ng maraming props sa entablado 4. Ano ang kahalagahan ng proportion sa shadow play? a) Upang maging tama ang sukat ng tauhan at bagay sa eksena b) Upang magkaroon ng mas maraming tauhan sa pagtatanghal c) Upang makatipid sa paggamit ng ilaw d) Upang makalikha ng mas maraming tunog sa pagtatanghal 5. Anong elemento ng tekstong biswal ang tumutukoy sa wastong pag-aayos ng mga tauhan at bagay sa eksena upang maging kaaya-aya sa mata? a) Contrast b) Balance c) Proportion d) Movement	
<i>Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)</i>		
<i>Mga Tala</i>		
<i>Repleksiyon</i>		

Presented and demonstrated by:

(Teacher's Name)

Position

CHECKED AND OBSERVED:

Principal's Name

Position